Pauna: Ano ang kailangang malaman ng mga sumasakay

May mga wheelchair-accessible vehicles (mga WAV) ang Seattle at King County para sa mga on-demand na mga transportasyon. Ang mga pasaherong gumagamit ng wheelchair ay maaaring humiling ng WAV sa pamamagitan ng pagtawag sa isang nagkakaloob ng on-demand na transportasyon at sabihan ang nagdidispatya na kailangan nila ng WAV. Ang impormasyon tungkol sa pagkakaiba ng isang halagang bayarin na transportasyon at mga taxicab ay matatagpuan dito.

Impormasyon sa Pakikipagugnayan sa mga nagkakaloob na may mga WAV:

| | | |
|---|---|---|
| E-Cab & Flat-Rate For-Hire | 206-242-8800 | |
| Farwest Taxi | 206-622-1717 | www.farwesttaxi.net |
| Green Cab | 206-575-4040 | www.greencab.me |
| Yellow Cab | 206-622-6500 | www.seattleyellowcab.com |

Sa kasalukuyan, higit na 70 mga WAV ang gumagana sa Seattle at King County. Ang pasahe para sa mga pasahero na gumagamit ng wheelchair ay pareho sa naka-posteng halaga para sa lahat.

Ang mga sasakyang naa-access ng wheelchair ay alinsunod sa mga pamantayan na pederal para sa mga pag-aaccess na inilarawan sa batas ng pederal na regulasyon 49 CFR 38.23. Ang mga pamantayang pederal ay nangangailangan ng lift o rampa upang masuportahan ang 600 pounds, ang taas ng pintuan at hindi bababa sa 56 inches ang taas, at ang slope ng rampa na mas-mababa pa sa 1:4 (14.04 degrees.)

Karamihan sa mga taksi na naa-access ng wheelchair sa Seattle/King County ay ang mga Toyota Sienna at Dodge Grand Caravan. Mga gamit sa pagpapatatag ng mga wheelchair na manatili sa lugar at ang pasaherong nakaupo sa wheelchair ay sinigurado ng isang harness sa balikat at sinturon sa baywang. Ang mga WAT ay maaaring paglaanan ng lugar ang karamihan sa laki ng para nasa sapat na gulang na manwal at mga power wheelchair; samantala, ang mga pasaherong kinakailangan na ibanat ang kanilang mga paa o umupo ng nasa posisyon na halos naka-higa ay dapat ipaalam sa nagdi-dispatya.

Lahat ng tagapag-maneho ng mga taxi na naa-access ng wheelchair ay kinakailangan na kumpletuhin ang pagsasanay sa pag-sertipikasyon sa WAT at nagpapakita ng wastong pamamalakad sa pag-tatatag upang maipasa ang kanilang taunan na mga inspeksyon sa paglilisensya. Ini-inspeksyunan ang mga kagamitan upang matiyak na nakatugon ito sa mga pamantayan sa pag-aaccess at gumagana batay sa disenyo.

Ang paglilisensya sa WAV at ang insurance ay para lamang sa transportasyon. Ang mga pasahero na nasa wheelchair na nangangailangan ng alalay sa iba pang mga aspeto ng kanilang pagbibiyahe ay baka may karagdagan pang mga kahilingan sa mga pangangailangang ito.

Ang mga nagmamaneho at mga may-ari ng WAV ay maaaring tumanggap ng nga pagbabalik-bayad upang mabawi ang mas-mataas na mga gastos sa pagpapatakbo ng pagdulot ng transportasyon ng naa-access ng wheelchair sa pamamagitan ng Pondo ng Wheelchair Accessible Services (WAS), na pinopondohan ng sampung sentimong surcharge para sa mga inaarkilang mga sakay sa Seattle at King County.

Ang Consumer Protection Division ay nakatuon sa ligtas na pagtamasa ng mga serbisyo ng taxicab para sa lahat. Kung nais ninyong mag-report ng mabuti o masamang karanasan sa isang nagmamaneho ng WAV, o mag-report ng sirang kagamitan, mangyaring tawagan ang 206.386.1267 o consumerprotection@seattle.gov.